# NGUNIT WALA AKONG LITRATO NOONG NASA KOLEHIYO AKO

REUEL M. AGUILA

Wala lang.

Todo-unat, basta iniangat ng isang estudyante ang kanyang kamay, litaw-braces na ngumiti, at pinindot ang tangang *cell phone* na nagsisilbi ring *camera*. Wala pang isang kurap, nakisiksik na ang ilan pang kaklase, dikit-dikit ang mukha, nakabungisngis din at may impit pang tili.

At naglitratuhan sila nang naglitratuhan: *funny face, wacky pose, seductive, emo, serious,* pa-cute… paulit-ulit; palibhasa'y digital, walang *film,* halos di maubos ang kodakan at tawanan… walang pakialam kung pinapanood sila ng ibang tao; sa tambayan sa *school,* sa *mall,* sa kalye, sa gimikan, sa outing; at kahit saan man, kahit walang okasyon.

Basta, wala lang.

*Ipo-post* ang mga litrato sa *blog site,* nag-aanyaya na silipin ng buong sandaigdigan, sa pamamagitan ng World Wide Web, ang mga digital na tala ng kanilang kabataan, na kung tutusuin ay "wala lang"; ngunit nanggaganyak na mag-iwan ang sinuman ng kahit anong comment na kadalasan ay: ahahahaha, o ahihihihihi, o LOL, OMG, ü, **: )** , **: (**, at iba pang J *smiley.*

Tuwi-tuwina o maging ilang taon makatapos, marahil, iki-click nila upang balikan ang kanilang buhay-kolehiyo; maaaring matatawa pa rin sila o mangingiti o basta wala lang ding muli sa sangkatutak na litratong nagdokumento ng kanilang murang kaisipan.

Napakaraming litrato.

## Ngunit wala akong litrato noong nasa kolehiyo ako... dekada '70.

Panahon iyong laganap na laganap ang pangmasang *camera,* ang Kodak Instamatic.

Ito 'yong parang maliit na kahon na sa isang pindot ay bubukas ang likod ng camera para maisalpak ang *naka-case* na *film.* Hindi mo na kailangang pahirapan ang sarili sa pag-spool ng *film;* na pag nagkamali ka sa halos bulag na pag-sprocket ng *negative* ay wala kang makukuhang litrato.

Ito 'yong *camerang* hindi mo na kailangang i-focus, i-adjust/ bigyan ng kumbinasyon ang timpla ng *aperture* at *speed;* tandaang mas maliit ang numero ng F-stop ay nangangahulugang mas malaki ang opening ng lens, samantalang kabaliktaran ang para sa *speed* o bilis ng pagbukas-sara ng *shutter*. Sa Kodak Instamatic, basta, tutok at shoot.

Ito 'yong hindi mo na kailangang sukatin ang distansya ng kukunan at kalkulahin ang lakas ng dating ng flash; na hindi nalilimutang ang speed ng shutter ay constant na nakalagay sa pinaka-synch ng film. May *flashcube* ito na may apat na bumbilya; na kusang umiikot pagkatapos mag-flash.

Mura: ang *camera,* ang *film,* ang *development.* Nagkaroon ng pagkakataon ang sinuman na makapag-may-ari nito. Kaya, naidukumento ng karaniwang mamamayan ang mga pangayayari, maliit man o malaki, na sa pananaw niya'y mahahalaga para sa kanya.

Di tulad noong ang *camera* ay pangmayaman lamang; panahon ng Single Lens Reflex, ng *box camera* na mabigat , na kung minsan ay kakailanganin ng *tripod* para di mangawit ang leeg na pinagsasabitan ng *camera;* at ng pag-iilaw o ng lumang de-apog na *flash.* Kailangang pag-ipunan, magbihis at pumunta sa *studio* ang mga nais magkaroon ng litrato. Kung hindi man ay arkilahin ang serbisyo ng mga nagbabahay-bahay na potograpo, o 'yong umiistambay sa mga simbahan at sa Luneta. At pagkatapos ay ikukuwadro, at isasabit sa salas, o ilalagay sa album.

Di tulad noong kakaunti pa ang *camera* at di pa ganoong napeperpekto ang mekanismo, ang mga labis na mayayaman lamang ang nagkakaroon ng kanilang ipinintang portrait at painting ng mga tanawin.

Sa pagdating ng murang *instant camera,* ang buong paglalakbay sa buhay ng karaniwang Pinoy ay kaya niyang itala sa mga litrato, sa pinakamadali at pinakamurang paraan. Naging palasak ang karanasan ng paglitrato. Naging palasak ang gamit ng Kodak instamatic. Naging palasak ang bagong salitang Kodakan.

Ngunit wala akong litrato noong nasa kolehiyo ako, sa panahon ng Kodakan.

Ngayon-ngayon ko lang nalaman 'yan, halos 40 taon na ang nakalilipas.

Sa hindi ko maintindihang dahilan, biglaan, parang isang kating dapat kong kamutin, dahil bakasyon, parang kailangan kong linisin ang aking files: mga kinagawiang notebook na dala-dala kung saanman; mga pinasulat ng kung sinong titser; mga *clipping, reading* at mga *test paper; draft* ng kung anong tula, sanaysay, dula, maikling kuwento; mga *souvenir* gaya ng *ticket* ng *bus* at kung anong sine o dula, tuyong bulaklak, *ribbon*, balat ng *candy;* mga sulat; mga litrato.

Ayun akong ipinaghehele ng aking ama. Ayun akong tatlong taon at naliligo nang hubad. Ayun ako sa unang bisekleta. 'Ayun ako sa *grade one* sa isang munting bayan sa Quezon, bihis na bihis at may kapareha para sa isang *folk dance*. 'Ayon ako sa nilipatang bahay sa Sampaloc, sa Cubao, sa camping ng mga Boy Scout, sa birthday ng aking mga kapatid, sa Baguio kasama ang pamilya, sa *excursion* sa Balara, sa kung anong lugar na hindi ko na halos maalaala, kasama ng kung sinong marahan na ring naglalaho sa aking gunita.